



PROGRAMA PARA SA TULONG SA BAYARIN: MGA MADALAS ITANONG (FAQs)

Binago noong 6/22/2021

1. Ano ang Programa para sa Tulong sa Bayarin?

Ang Programa para sa Tulong sa Bayarin ay inaprubahan ng Lupon ng Mga Supervisor noong Hunyo 8, 2021 para suportahan ang ilang partikular na serbisyong may mga kita sa benta na direktang naapektuhan ng Mga Kautusan sa Kalusugan na Nauugnay sa COVID-19 sa pamamagitan ng pag-credit sa kanilang account ng gastusin sa ilang partikular na taunang bayarin sa pagpapatakbo na sinisingil ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Kapaligiran (Environmental Health Services, EHS).

2. Anong mga uri ng maliliit na negosyo ang kwalipikado para sa Programang ito?

Kwalipikado ang mga sumusunod na negosyo sa Programang ito:

a. Mga restaurant at iba pang pasilidad para sa serbisyo sa pagkain (kasama ang mga mobile food truck at cart, operator ng cottage food, coffee shop, bakery, candy shop, caterer, at brewery at winery).

b. Mga retailer ng pagkain at grocery store na hanggang 2,000 square feet.

c. Mga retailer ng pagkain at grocery store na mahigit sa 2,000 square feet, kung ang mga ito ay may independent na may-ari at may hindi hihigit sa dalawang lokasyon sa County (Kinakailangan ng Dokumentong Paghahayag)

d. Mga swimming pool at spa (mga paaralan para sa swimming, gym, hotel, at fitness center). *Hindi kasama rito ang mga pinapatakbo sa mga residensyal na pasilidad o ng homeowners' associations o kung saan hindi nakakatulong ang pinapahintulutang aktibidad sa pangunahing operasyon ng negosyo.*

e. Mga pasilidad at practitioner para sa Programa sa Body Art

f. Mga establisyimento ng Programa sa Pagmamasaha (unincorporated)

g. Mga pananatili sa Hotel, Motel, at Bed & Breakfast

h. Kasama sa mga pasilidad (ng Ahensya ng Sertipikadong Pinagsamang Programa [Certified Unified Program Agency, CUPA]) ng Programa sa Mga Kwalipikadong

Mapanganib na Materyales ang:

- Manufacturing (hindi nauugnay sa medisina)
- Mga Sakahan
- Paglilibang
- Talyer
- Mga Gasolinahan
- Pribadong Transportasyon
- Mga Golf Course
- Mga Dry Cleaner
- Mga Printer



- Mga Hotel/Motel

3. Paano gumagana ang Programa?

Ang lahat ng kwalipikadong negosyong nakakatugon sa mga pamantayan ay makakatanggap ng minsanang credit sa kanilang account para sa ilang partikular na taunang bayarin. Makikita ng mga negosyo ang credit na ito sa kanilang taunang invoice, simula sa Hulyo 2021. Hindi kailangang magpatala o mag-apply sa Programang ito (maliban na lang kung isa kang malaking market >2000 sf); awtomatikong ilalapat ang mga credit sa lahat ng kwalipikadong bayarin.

4. Paano ko malalaman kung natutugnan ko ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado?

Kung kwalipikado ka, makakatanggap ka ng credit sa susunod mong invoice sa pag-renew. Para sa kumpletong text ng Memo ng Lupon ng Mga Supervisor, mag-click [dito](#).

Idinisenyo ang Programa para suportahan ang mga negosyong may mga kita sa benta na direktang naapektuhan ng Mga Kautusan sa Kalusugan na Nauugnay sa COVID-19. May mga partikular na uri ng industriya at negosyo na natukoy bilang kwalipikado. Legal dapat na pinapatakbo ang bawat negosyo, nang may pagsubaybay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Kapaligiran sa o bago ang Hulyo 1, 2021.

5. Anong mga uri ng mga bayarin sa permit ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Kapaligiran (EHS) ang **HINDI kwalipikado sa Programa ngpara sa Tulong sa Bayarin?**

- Mga bayaring kinokolekta ng EHS para sa Estado (halimbawa, Mga Surcharge sa Pagsubaybay ng CUPA).
- Mga bayarin para sa pagbebenta ng tabako, medikal na operasyon, at operasyon kaugnay ng mga solid waste.
- Mga bayarin para sa mga pampublikong pool na binabayaran ng homeowners' associations, apartment complex, mobile home park, paaralan, o lokal na entity ng pamahalaan.
- Mga permit mula sa mga entity o pasilidad ng pamahalaan na hindi karaniwang nakabukas sa pangkalahatang publiko (hal., mga cafeteria na pinapatakbo ng employer).
- Mga bayarin para sa mga negosyo sa mga sumusunod na industriya: mga negosyo kaugnay ng Pangangalagang Pangkalusugan, Biotechnology, Mga Utility, Pagpapaganda ng Bahay, at Konstruksyon

6. Marami akong uri ng mga permit sa Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Kapaligiran, makakatanggap ba ako ng credit para sa lahat ng ito?



Siguro. Posibleng makakita sa iyong invoice ng iba't ibang bayarin, at posibleng kwalipikado ang ilan sa mga ito. Maglalapat sa iyong account ng credit na katumbas ng mga kwalipikadong bayarin.

7. Kwalipikado ako sa Programa bilang market na mahigit sa 2,000 square feet. Anong dokumento ang kailangan kong ihain?

Kumpletuhin ang Form ng Paghahayag (paparating na) na nagsasaad na may independent na may-ari ang negosyo at independent itong pinapatakbo, at na hindi hihigit sa dalawa ang lokasyon ng negosyo sa County, at isumite ito sa EHS para sa pagsusuri at pagpoproseso.

8. Isinara ko ang aking negosyo dahil sa COVID-19 at wala akong planong muling magbukas, puwede ba akong makatanggap ng refund para sa mga bayarin sa permit na nabayaran ko na?

Hindi. Hindi ire-refund ang mga ito. Idinisenyo ang Programa para tulungan ang mga may-ari ng negosyo na nagpapatakbo sa o bago ang Hulyo 1, 2021, na patuloy na nagpapatakbo.

9. Nabayaran ko na ang aking mga bayarin sa permit ngayong taon, mapapakinabangan ko ba ang Programang ito?

Oo. Makatanggap ang lahat ng kwalipikadong negosyo ng minsanang credit sa kanilang account, simula sa Hulyo 1, 2021. Makikita ang credit na ito sa susunod mong nakaiskedyul na invoice.

10. Kailangan bang may good standing o zero na balanse ang aking account sa EHS para matanggap ko ang credit?

Kung nakakatugon ang iyong negosyo sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, awtomatiko kang makatanggap ng credit sa iyong account. Gayunpaman, io-offset ng credit na ito ang anumang balanseng posibleng mayroon ka sa kasalukuyan, maliban sa mga multa sa pagpapatupad, surcharge ng Estado, at iba pang singil sa serbisyo (hal., mga bayarin sa pagsusuri o muling pag-iinspeksyon ng plano). Ibig sabihin, kung may hindi ka pa nababayarang taunang bayarin sa permit, ilalapat ang credit sa pinakalumang hindi pa nababayarang balanse sa iyong account.

13. May iba pa bang programa ngpara sa tulong sa bayarin kung saan puwede akong maging kwalipikado?

Nakalaan ang site na ito sa tulong sa bayarin sa permit para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay sa Kapaligiran ng County ng San Mateo.

Para sa karagdagang tulong sa maliliit na negosyo, inirerekomenda ang mga sumusunod na resource:

- SMC Strong (smcstrong.org)



- Samahan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng County ng San Mateo (San Mateo County Economic Development Association) (samceda.org)
- mga lokal na chamber ng komersyo
- [Pangasiwaan ng Maliliit na Negosyo](#),
- Bisitahin ang website para sa lungsod na kinaroroonan ng iyong negosyo.
- Nagbibigay ang Estado ng California ng impormasyon tungkol sa tulong para sa maliliit na negosyo kaugnay ng COVID-19. Mag-click [dito](#) para sa mga resource.
- [Programa ng Waiver sa Bayarin ng Departamento ng Inuming May Alkohol ng California](#)
- [Programa ng Bayarin sa Lisensya ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Customer ng California](#)

14. Saan galing ang pondo para sa Programa at kailangan ko ba itong bayaran?

Inaprubahan ng Lupon ng Mga Supervisor ng County ang paggasta ng hanggang \$5.8 milyon bilang bahagi ng inisyatiba ng County sa Pagbangon ng Ekonomiya sa Panahon ng COVID-19. **Hindi** kailangan ng mga kwalipikadong negosyo na bayaran ang credit para sa mga partikular na bayaring matatanggap nila sa kanilang invoice.

15. Kailangan ko bang bayarian ang aking mga bayarin sa permit ng EHS sa mga susunod na taon pagkatapos kong matanggap ang credit sa bayarin sa permit?

Oo. Nalalapat lang ang Programang ito sa kasalukuyang taon. Kapag nagamit na ang credit sa iyong account, dapat mo pa ring bayaran ang anumang hindi pa nababayaranang bayarin, kasama ang mga surcharge ng Estado, karagdagang hindi pa nababayaranang singil, at taunang bayarin pagkatapos noon.

16. Sa palagay ko ay kwalipikado ako sa Programa pero hindi ko makita ang credit sa aking invoice. Paano ko makukuha ang credit sa bayarin?

Mag-email sa EHSFeeRelief@smcgov.org may pangalan ng negosyo, address ng negosyo, at impormasyon ng may-ari para masuri ng EHS kung kwalipikado ito.

17. Binuksan ko ang aking maliit na negosyo pagkalipas ng Hulyo 1, 2021.

Nakakatugon ako sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado ng negosyo. Puwede ko bang makuha ang credit sa bayarin para sa aking unang taon ng mga bayarin sa permit?

Hindi. Nalalapat lang ang Programa sa mga negosyong tumatakbo na sa o bago ang Hulyo 1, 2021.

18. Kailan matatapos ang Programa?

Ilalapat ang minsanang credit na ito sa bayarin sa mga invoice sa pag-renew mula Hulyo 1, 2021 hanggang Hunyo 1, 2022. Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka at hindi ka nakatanggap ng credit sa bayarin sa taunan mong invoice, makipag-ugnayan sa EHS sa EHSFeeRelief@smcgov.org o (650) 372-6200 .



SAN MATEO COUNTY HEALTH

**ENVIRONMENTAL
HEALTH SERVICES**

**Mga Serbisyo sa Kalusugan na Nauugnay
sa Kapaligiran**

2000 Alameda de las Pulgas, Suite #100

San Mateo, CA 94403

Telepono: (650) 372-6200 | Fax: (650) 627-8244

smchealth.org/eh

19. Nakatanggap ako ng credit sa bayarin, pero hindi ko kailangan ng tulong sa mga bayarin. Ano ang gagawin ko?

Layunin ng Programa para sa Tulong sa Bayarin na tulungan ang mga lokal na negosyo na may may mga may-ari at empleyado na lubos na naapektuhan ng pandemya sa usaping pang-ekonomiya. Hinihikayat ka naming i-donate ang mga hindi mo kailangang dolyar mula sa tulong sa isang lokal na charity na tumutulong sa ating mga nangangailangang komunidad.

20. Nabasa ko na ang lahat ng madalas itanong at mayroon pa akong mga tanong, kanino ako puwedeng makipag-ugnayan?

Ipadala ang iyong mga tanong tungkol sa Tulong sa Bayarin sa EHSFeeRelief@smcgov.org. Bukod pa rito, tuluy-tuloy na ia-update ang mga madalas itanong, kaya balikan ito para sa mga susunod na tanong.

Salamat sa patuloy mong pagsisikap na pabagalin ang pagkalat ng COVID-19.